

# Lapis at Papel



Kwento ni:
Perlita P. Supan

Guhit ni:
Shane Reza M. Amath





*Pamantayan sa Pagkatuto*

Naipamamalas ang pagmamahal sa lahat ng nilikha ng Diyos at kanyang biyaya sa pamamagitan ng pagpapakita ng kahalagahan ng pag-asa para makamit ang tagumpay. Code – ESP3PD-IVc-i-9

Nasasagot ang mga tanong tungkol sa tekstong binasa (kuwento). Code - F3PB-Id-3.1

Nagagamit ang pangngalan sa pagsasalay tungkol sa mga tao, lugar at bagay sa paligid.
Code - F3WG-Ia-d-2



## Development Team

Kuwento ni: **Perlita P. Supan**

Guhit at Lapat ni: **Shane Reza M. Amath**

Learning Resource Manager:

**Ruby M. Jimenez, PhD**
*Learning Resources Management and Development Section, EPS-I*


## Pampanga

# Lapis at Papel





Ako si Pepe, nagmula sa mahirap na pamilya sa Pampanga. Nakatira sa bundok, walang maayos na daan, walang kuryente. Ang aking mga magulang ay hindi nakatungtong sa paaralan. Tanging pagsasaka at pagangahoy ang kanilang hanapbuhay.



Sa murang edad ako ay namulat na sa kahirapan. Sabi nga ng aking tatay, “Pumili ka, edukasyon o pagkain?” Bilang isang anak, ano ba ang magagawa ko? Pinangako ko sa aking mga magulang na matutupad lahat ng mga pangarap ko.



Pagsikat ng araw, hudyat ito ng pagbabanat ng buto. “Kuya Pepe, nagugutom po ako,” sabi ni Lando. Awa at habag ang nararamdaman ko sa tuwing kanyang sasambitin. Ilang pirasong kamote at mais ang aming baon. Kamote at mais para maibsan ang kumakalam na sikmura. Kaharap ang mabahong usok at amoy ng uling. Wala kaming magawa kundi tiisin ang hirap at amoy. “Lando, konting tiis lang, aahon din tayo sa hirap.”



"Kuya, naniniwala ka pa ba na aahon tayo sa kahirapan? Sa halip na lapis at papel ang hawak natin, heto gabundok na kahoy at uling ang ating kaharap." Hindi ko makakalimutan ang mga linyang binitawan ng aking kapatid. Mga linyang tila bumuhay sa aking diwa at puso. "Mabuti ang Diyos, kailanman ay hindi niya tayo pababayaan."




Matapos ang buong araw ng pagtatrabaho, oras na para umuwi. "Pepe, wala akong maibibigay ngayon, may utang pa kayo." sabi ni Aling Lita, ang may-ari ng ulingan. "Kuya Pepe, wala na naman tayong kinita ngayong araw?" "Oo, babawi na lang tayo bukas," ang aking tugon. Kami ay nakagawa ng apat na sako ng uling. Pero dahil may utang si Tatay, wala kaming kinita. Uuwing pagod bitbit ang mga paupos na pag-asa.



"Mga anak, halina kayo, handa na ang hapunan natin. Pasensya na kayo, kamote at kape lang ang hapunan natin. Ilang linggo na kasing walang trabaho ang tatay niyo. Wala na rin akong mautangan sa mga tindahan dito. Mura at sigaw ang nararanasan ko. Sumasabay pa ang pananakit ng dibdib ng inyong tatay. Kung may magagawa lang ako mga anak, pero wala talaga."



“Nanay may magagawa po kayo,” ang aking sagot. “Anong magagawa ko Pepe?” tanong ng aking nanay. “May magagawa pa ba ako?” dagdag pa nito. “Nanay, Tatay, payagan niyo po akong mag-aral sa bayan,” buong puso at tapang kong kahilingan sa aking mga magulang.



Dito ay nagpahiwatig si Tatay ng saloobin sa aking hiling. “Anak, paano ka mag-aaral wala tayong pera? Ikaw lang ang inaasahan kong tutulong sa akin. Matitiis mo bang makita ang pamilya mong walang makain? Mabubusog ka ba ng edukasyon kung gutom ang sikmura mo?”At isa lang ang aking naisagot, “Tay, edukasyon po ang susupil sa kumakalam na tiyan.”




Dito ay napabuntong hininga si Tatay, ramdam ang galit. At ako naman ay patuloy sa aking saloobin at aking hangarin. “Mangmang tayong ipinanganak, dadalhin po ba natin ito sa pagtanda?” Hindi po ba tayo gagawa ng paraan para masupil ito? Susukuan ba natin ang natitirang pag-asa, ang pagtatapos ng pag-aaral?”



“Kung hindi po ako magiging matapang at magsisipag sa pag-aaral, sama-sama tayong magiging biktima ng kamangmangan sa buhay, kamangmangan na habangbuhay na gagapos sa ating pagkatao.” Tila lahat ng mga salitang ito ay kusang lumabas sa aking bibig na kumawala sa utos ng aking puso’t damdamin. Tanging ilaw at lampara ang piping saksi sa aming pag-uusap.



Kinabukasan habang ako ay nakaupo, biglang lumapit si Tatay. Hawak ang isang lapis at papel. “Anak, ito ang lapis at papel.” Dito ay bumuhos ang aking luha, luha ng pasasalamat. “Tay, pinapayagan niyo na po ba akong mag-aral?” “Pasensya na anak, kung naging duwag kami. Duwag na mag-aral, dahil takot kaming walang mapakain sa inyo.” Niyakap ko si Tatay ng mahigpit. “Tatay, mag-aaral akong mabuti.”



Lumapit sa akin si Lando. Sabay niyang iniabot ang lumang bag at tsinelas. “Kuya, para sa iyo ‘yan, regalo sa akin ni Tita Josie. Alam kong mas kailangan mo ang mga ito. Alam ko matagal mo ng gustong mag-aral.” At dumating na nga ang tamang pagkakataon at oras. Isa lang ang pumasok sa aking isipan noong oras na iyon, “Salamat Diyos ko, Ikaw ang aking lakas at sandata.”




Kahit gaano man kahirap ang sitwasyon ko sa buhay, hindi ako nawalan ng pag-asa. Hindi lang para sa sariling kapakanan, kundi para sa pamilya. Higit sa lahat, buong puso akong nagpapasalamat sa Diyos. "Kayo po ang nakakakilala sa akin. Marami mang pagsubok ang dumating, hindi Mo ako tinalikuran. Bagkus hinaplos Mo ang aking puso at pagkatao," mga samo ko at dasal sa ating dakilang Diyos.



Sa darating na pasukan, ako ay labing-apat  na taong gulang na, magsisimula sa unang baitang. Anuman ang maging tingin nila sa akin, hindi magiging hadlang. Tulad ng naging asal ni Boyong, aking kababata. “Pepe balita ko mag-aaral ka raw sa pasukan. Nasa unang baitang ka raw? Maniwala ka sa akin, pagtatawanan ka lang, puro tukso ang aabutin mo.” Hindi ko pinatulan si Boyong, lalo niya lang akong pinatapang.




At dumating na nga ang hinihintay kong araw, araw ng paglilista sa paaralan. May isang magulang ang kumausap sa amin. "Ale, mukhang mali po ang inyong pinuntahang pila. Sa kabila ang pila para sa high school." Sa pagkakataong iyon, ako ay nakaramdam ng awa kay Nanay. "Ale, magulang po ako ni Pepe, sa unang baitang siya. Kami po ay nasa tamang pila, maraming salamat sa paalala."



Matapos ang mahabang araw na ginugol sa paaralan, dalawang oras na paglalakad pauwi ang babagtasin sa aming tahanan. Tila natakam ako sa dinaanan naming mga tindahan. Pero wala akong pera na pambili, pumikit na lang ako. Sabi ko nga, "Makabibili rin ako balang araw." Kasabay ng gutom, nasira pa ang luma kong tsinelas. Napigtas man ang aking tsinelas, tuloy pa rin sa pag-aaral.




Pagdating sa bahay, sumalubong sa amin ang malakas na sigaw ni Aling Marta, tindera sa aming lugar. “Hoy, Maria! Magbayad na kayo ng utang! Mahiya naman kayo! Nakuha niyo pang paaralin si Pepe, ni pagkain wala kayo!” Hindi ako nakapagpigil at ako ay sumagot, “Aling Marta, pasensiya na po sa mga utang namin. Mababayaran din namin kayo, at ako ang mag-aabot sa inyo.”



Matapos ang aming hapunan, tanaw ko ang kabilugan ng buwan. Habang ako ay nakaupo sa aking paboritong silya. Sabi ni Tatay, ang Diyos daw ay nakatira sa buwan. Siya raw ang nagbibigay ng liwanag sa madilim na paligid. "Mahal naming buwan, bakit may mga mahihirap at mayayamang tao? Hindi ba pwedeng pantay-pantay na lamang para masaya ang lahat? Para wala ng away at hirap sa buhay."



Dumating ang unang araw ng pagpasok sa paaralan. Sa edad kong labing-apat, ngayon lang ako tutungtong sa paaralan. Dalawang oras ang babagtasin ko. Tatawirin ko ang rumaragasang tubig ng ilog. Lalakarin ang napakahabang tulay na gawa sa kawayan. Kakayanin kong umabot sa unang klase ko sa paaralan. Ang lahat ng ito sa ngalan ng aking edukasyon. "Wala talagang daang mahirap sa taong maraming pangarap."



Sa awa ng Diyos, umabot ako sa unang klase. Dito ay isa-isa kaming nag-pakilala. Nang ako ay tinawag na, ako ay tumayo. Nilabanan ko ang aking kaba at nagpakilala ng buong puso. "Magandang araw sa inyo, ako si Pepe Dela Cruz, labing-apat na taong gulang, mula sa barangay Pulong Gubat. Kinagagalak ko kayong makilala, aking guro at kaklase."



Pag-uwi ng bahay, mabilis akong nagbihis at pumunta sa gubat upang mangahoy. “Magandang hapon Mang Kanor, mangangahoy po ako ngayon.” Isang babala ang binitawan ni Mang Kanor sa akin. “Masama ang panahon Pepe, delikadong mangahoy sa gubat.” “Mag-iingat po ako Mang Kanor sa pangangahoy,” aking sambit.



Tama si Mang Kanor, masama nga ang panahon. Malakas ang buhos ng ulan at hangin. Unti-unting natutumba ang mga malalaking puno. Tanging panalangin sa Diyos ang aking natitirang pag-asa. “Nay, tay, tulong po, dumudugo ang kamay ko!” sigaw ko habang tinitiis ang hapdi. Sa kasamaang palad, nadaganan ako ng malaking puno, nadurog ang dala kong itak. Ang aking kanang kamay ay tuluyan nang naputol.




Nawalan ako ng malay habang buhat ni Mang Kanor, gamit ang sako na binalot sa aking katawan.

Dinala niya ako sa ospital ng bayan. Agad ibinalita ni Mang Kanor sa aking pamilya ang nangyari. Sa aking pagkakahiga, isang pamilyar na boses ang aking narinig. "Pepe, mahal kong anak, anong nangyari?" tanong ni Nanay. Wala akong naisagot, pumikit na lang sa sobrang sakit.



Sa likod ng bawat trahedya ay may aral na iniiwan. Akala ko wala ng hihirap pa sa sakit ng kamangmangan. Ang makita mong mahirap pa sa daga ang iyong pamilya. Mayroon pa pala, ang makitang maputulan ako ng kanang kamay. "Anak, hindi ka man magsalita ramdam ko ang iyong pighati." "Ikinalulungkot namin ang nangyari sa iyo anak, Diyos ko bakit?" samo ng isang inang nalulunod sa kalungkutan dahil sa trahedya.



Pagdating ni Tatay ay niyakap niya ako ng buong higpit. “Diyos ko, bakit ang anak ko pa? Bakit siya pa? Pwedeng ako na lang sana ang naputulan! Lahat ng pagsubok at dagok ay dinaranas ng aking pamilya. May susunod pa ba? Bakit di mo siya tinulungan? Bakit mo siya pinabayaan? Siya na lang ang natitira naming pag-asa sa buhay. Ang tanging bumubuo sa aming pangarap, tuluyan mo pang binawasan.”




Lumipas ang isang buwan, humilom ang aking kanang kamay. Kahit nasa bahay ay patuloy akong nag-aaral. Tanging lampara ang nagsilbing tanglaw sa madilim na paligid. Walang trahedya ang hahadlang sa aking pag-aaral at pangarap.  Nabawasan man ako ngayon ng parte ng katawan, buo pa rin ang pananalig at lalong magsisipag sa pag-aaral. Ang ating buhay ay parang isang maliwanag na lampara. Kahit sa liwanag na nabibigay nito, may kadilimang naghihintay.



Kinabukasan, araw na ng pagsusulit sa paaralan. Maaga akong nagising para makapasok. Pagbungad sa pinto ay nakatingin ang lahat sa aking kanang kamay. "Anong nangyari sa kamay ni Pepe, bakit putol?" Bulungan ng aking mga kaklase. Sa pagkakataong ito, hindi awa sa sarili ang aking naramdaman. Bagkus pasasalamat sa ating dakilang Diyos. Naputulan man ako ng aking kanang kamay, pero buo pa rin ang aking pagsusumikap na mag-aral.




Pagdating ng guro, lahat ay nakaramdam ng kaba. Ang aming pagsusulit ay ang pagsulat ng pangalan sa pisara. Ako ay huling tinawag upang magsulat. Habang ako ay papunta sa pisara, bigla kong naalala si Tatay. Noong kami ay bata pa ng aking kapatid tinanong kami, "Kailan ko kaya maisusulat ang aking buong pangalan sa papel?" At sa unang pagkakataon, naisulat ko ang aking buong pangalan. "Pepe Dela Cruz," binasa ko ng may pagmamalaki.



TUNGKOL SA MAY-AKDA, TAGAGUHIT AT TAGALAPAT

**PERLITA P. SUPAN:** Kasalukuyang nagtuturo sa Laug Elementary School, Laug, Mexico, Pampanga bilang Teacher III

**SHANE REZA M. AMATH:** Kasalukuyang nagtuturo sa Gerry H. Rodriguez High School, Divisoria, Mexico, Pampanga bilang Teacher I

Isang simpleng bata si Pepe na namumuhay sa Pampanga. Siya ay nagmula sa mahirap na pamilya na pangangahoy at pagsasaka ang hanapbuhay.

Sa kabila ng lahat, ano kaya ang dadaanan ni Pepe sa pagtupad sa kaniyang pangarap sa buhay?

Anong trahedya kaya ang babago sa kaniyang pagkatao?

Tuluyan kaya niyang matupad ang kahilingan ng kaniyang ama?